

# Mag-apply para sa Medicaid & CHIP sa pamamagitan ng Marketplace

Ang Health Insurance Marketplace® mga indibiduwal at pamilyang makahanap at magpatala sa pangkalusugang coverage. Ang ilang tao na nag-a-apply para sa saklaw sa pamamagitan ng Marketplace ay kwalipikado para sa saklaw sa pamamagitan ng Medicaid o ng Children's Health Insurance Program (CHIP). Kung kwalipikado sila, ipapatala sila ng kanilang estado.

Ang Medicaid at CHIP ay libre o murang mga programang pangkalusugan na sumasaklaw sa maraming benepisyo, kabilang ang mga pagpapaospital sa inpatient at outpatient, mga serbisyo ng doktor, at mga inireresetang gamot. Ang mga pangalan ng mga programang ito ay iba-iba ayon sa estado. Bisitahin ang HealthCare.gov/medicaid-chip-program-names para malaman ang mga pangalan ng programa ng Medicaid at CHIP sa iyong estado.

## Paano ako mag-a-apply sa Medicaid o CHIP?

Mayroong 2 paraan na maaari kang mag-apply:

1. **Sa pamamagitan sa Marketplace**
   - Bisitahin ang HealthCare.gov para gumawa ng Marketplace account at kumpletuhin ang aplikasyon.
   - Piliin ang "Check for all savings options" (Tsekan para sa lahat ng mga opsyon para makatipid ) sa aplikasyon mo.
   - Kung ang impormasyon sa iyong aplikasyon ay nagpapakita na ang isang tao sa iyong sambahayan ay maaaring maging kuwalipikado para sa Medicaid o CHIP, ang Marketplace ay ligtas na magbabahagi ng aplikasyon mo sa estado mo. Makikipag-ugnayan sa iyo ang iyong estado kung sinuman sa iyong sambahayan ang kuwalipikado, o kung kailangan nila ng higit pang impormasyon upang kumpirmahin ang pagiging karapat-dapat.
   - Maaari ka ring tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596 para mag-apply. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 1-855-889-4325.
2. **Direkta sa iyong estado**
   - Para mag-apply, bisitahin ang Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu at hanapin ang iyong estado upang makapagsimula.

## Sino ang kwalipikado para sa Medicaid or CHIP?

Ang Medicaid at CHIP ay nagbibigay ng libre o murang saklaw ng kalusugan sa ilang mga taong mababa ang kita, mga pamilya at mga bata, mga buntis na kababaihan, mga matatanda, at mga taong may mga kapansanan. Sa ilang mga estado, sinasaklaw din ng mga programa ang iba pang mga adult. Ang mga bata at buntis na kababaihan sa mga pamilyang may kita na masyadong mataas para maging kuwalipikado para sa Medicaid ay maaaring maging kuwalipikado para sa CHIP.

Kung nakatira ka sa estado na nagpalawak ng ng Medicaid para sa mga adult, maaaring kuwalipikado ka sa 2023 kung kumikita ka ng hanggang $20,120 bawat taon para sa 1 tao, o $41,400 para sa pamilya ng 4 (ang mga halaga ng kita ay iba sa Alaska at Hawaii). Maaaring kuwalipikado ka rin para sa mga ibang dahilang maliban sa kita. Ang bawat estado ay may magkakaibang inaatas na makakaapekto sa pagiging nararapat mo para sa Medicaid at CHIP, tulad ng kung may mga anak ka, buntis, o may kapansanan. Mahalagang mag-apply para malaman kung kuwalipikado ka, at para ibigay ang pinakakasalukuyan mong impormasyon.

Kung ang kita mo ay mas mataas sa karaniwang pangkuwalipikang halaga, maaari ka pa ring kuwalipikado para sa Medicaid sa ilang estado, depende sa mga medikal mong pangangailangan. Para malaman kung kuwalipikado ka para sa dahilang ito, maaari mong tsekan ang kahon sa aplikasyon mo sa Marketplace para humiling ng buong determinasyon ng Medicaid matapos mong isumite ang aplikasyon mo.

## Ano ang saklaw ng Medicaid?

Ang lahat ng mga programa sa Medicaid ng estado ay karaniwang sumasaklaw sa:

- Mga serbisyo ng certified pediatric at family nurse practitioner
- Mga serbisyo ng doktor
- Mga serbisyong Maaga at Pana-panahong Screening, Diyagnostiko at Paggamot (EPSDT)
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya at mga supply
- Mga serbisyo ng Pederal na Kuwalipikadong Sentro ng Kalusugan
- Mga serbisyo sa kalusugan sa tahanan
- Inpatient at outpatient na serbisyo sa ospital
- Mga serbisyong laboratoryo at X-ray
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta
- Kailangang transportasyon papunta sa at mula sa mga tagapaglaang medikal
- Mga serbisyo ng nurse midwife
- Mga de-resetang gamot
- Mga serbisyo ng Rural Health Clinic
- Paghinto sa tabako ng mga babaeng buntis

Maaaring piliin ng mga estado na sakupin ang higit pang mga serbisyo kaysa sa mga nakalista sa itaas.

## Ano ang saklaw ng CHIP?

Ang bawat estado ay nagpapatakbo ng sarili nitong programa sa CHIP. Maaaring magpasya ang mga estado sa mga benepisyong saklaw ng CHIP, ngunit saklaw ng lahat ng estado ang:

- Pag-aalagang dental
- Mga pang-emergency na serbisyo
- Pag-aalaga ng ospital
- Mga imunisasyon
- Mga serbisyong laboratoryo at X-ray
- Pag-aalaga ng kalusugan ng pag-iisip
- Mga de-resetang gamot
- Mga regular na check-up

Ang mga bata ay nakakakuha ng libreng proteksyon na pangangala sa ilalim ng CHIP. Ang ilang mga estado ay maaaring maningil ng pagbabahagi sa mababang halaga (tulad ng deductible o copayment) para sa iba pang mga serbisyo.

## Kung kuwalipikado ako para sa Medicaid o CHIP, ako ba ay kailangang bumili ng Marketplace plan?

Hindi. Kung nakakuha ka ng pangwakas na pagpapasya na karapat-dapat ka para sa Medicaid na binibilang bilang kuwalipikadong saklaw, o CHIP, hindi ka magiging karapat-dapat para sa premium na kredito sa buwis o iba pang mga pagtitipid upang makatulong na magbayad para sa halaga ng isang plano sa Marketplace. Nangangahulugan ito kung magpapasya ka pa ring bumili ng saklaw ng Marketplace, kailangan mong magbayad ng buong presyo para sa premium ng plano at mga sakop na serbisyo. Upang matuto nang higit pa tungkol sa Medicaid na binibilang bilang kuwalipikadong saklaw, bumisita HealthCare.gov/medicaid-limited-benefits.

Kung pipiliin mong magkaroon ng saklaw ng Marketplace, dapat mong sabihin sa iyong estadong Medicaid o ahensiya ng CHIP na naka-enroll ka sa isang Marketplace plan. Maaaring hindi ka na maging kuwalipikado para sa CHIP kung naka-enroll ka sa saklaw ng Marketplace.

Upang malaman ang tungkol sa pagtatapos ng saklaw ng Marketplace kapag nakakuha ka ng Medicaid o CHIP, bisitahin ang HealthCare.gov/medicaid-chip/canceling-marketplace-plan.

## Kailan ako makakapag-apply?

Dahil ang Medicaid at CHIP ay walang mga Open Enrollment Period, maaari kang mag-apply anumang oras, kahit na kamakailan mong nawala ang iyong coverage. Walang limitasyon sa kung ilang beses ka puwedeng mag-apply. Para mag-apply (o muling mag-apply) para sa Medicaid o CHIP, bumisita sa Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu at hanapin ang estado mo para sa mga susunod na hakbang. Kung kuwalipikado ka, sasabihin sa iyo ng iyong estado ang petsa ng pagsisimula ng iyong coverage. Ang mga petsa ng pagsisimula ng saklaw ng Medicaid at CHIP ay nag-iiba depende sa estado.

## Paano ko malalaman ang higit pa tungkol sa Medicaid at CHIP?

- Bisitahin ang HealthCare.gov/medicaid-chip.
- Bisitahin ang Medicaid.gov/about-us/beneficiary-resources/index.html#statemenu upang makuha ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa Medicaid at CHIP ng iyong estado.
- Bisitahin ang InsureKidsNow.gov, o tumawag sa 1-877-543-7669 para sa higit pa tungkol sa mga programa ng CHIP sa iyong estado.

## Paano pa ako matututo?

Upang matuto nang higit pa tungkol sa saklaw sa pamamagitan ng Marketplace o sa iyong mga benepisyo at proteksyon, bisitahin ang **HealthCare.gov** o tumawag sa Marketplace Call Center sa 1-800-318-2596. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

May karapatan kang kumuha ng impormasyon sa Marketplace sa anyong maa-access, tulad ng malaking print, braille, o audio.
May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa palagay mo ay nadiskriminahan ka.
Pumunta sa **CMS.gov/about-cms/agency-information/aboutwebsite/cmsnondiscriminationnotice** o tumawag sa 1-800-318-2596.
Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-855-889-4325.

**Health Insurance Marketplace**
CMS Product No. 11800-T (Tagalog)
July 2023
This product was produced at U.S. taxpayer expense.
Health Insurance Marketplace® is a registered service mark of the U.S. Department of Health & Human Services.

HealthCare.gov